

Gabay sa Re-Entry at Babala sa Panganib para sa mga Pansamantalang Pagbisita



PARA SA MGA RESIDENTE NG MAUI NA NAAPEKTUHAN NG MGA WILDFIRE

Pinahahalagahan ng Kagawaran ng Kalusugan (DOH) ng Hawai'i ang kagustuhan ng komunidad na bumalik sa mga lugar na naapektuhan ng mga wildfire. Naniniwala kami na makakatulong ang pagkakataong bumalik sa lugar kung nasaan ang tahanan ng isang tao para magkaroon ng closure at paghilom. Gayunpaman, nauunawaan natin ang ilan na posibleng pinipiling hindi makita ang lugar. Nasa sa iyo kung pupuntahan mo ang naapektuhang lugar.

Alamin Bago Ka Pumunta sa Naapektuhang Lugar

- Maaaring mapanganib sa naapektuhang lugar dahil sa mga malapit nang gumuhong istruktura, matatalim na metal na bagay, at abo na may mga potensyal na nakalalasang kemikal. Gayunpaman, kung may naaangkop na protective gear na wastong isinusuot at tinatangal, posibleng makapunta nang ligtas sa naapektuhang lugar.
- Mas mapanganib para sa mga bata at buntis ang mga peligrong dulot ng debris at HINDI sila dapat pumasok sa naapektuhang lugar o tumulong sa paglilinis.
- Inirerekomenda naming magdala ng pamalit na damit at sapatos upang makapagpalit ka kaagad pagkatapos ng iyong pagbisita.
- Magdala ng mga trash bag upang paglagyan ng iyong ginamit na personal protective equipment (PPE) at mga damit pagkatapos ng iyong pagbisita.
- Magdala ng inuming tubig dahil posibleng napakainit sa lugar.
- Magdala ng tisyu o maliit na bimpo na pamunas ng luha at pawis.

Bawasan ang Pagkakatad sa Abo at Mga Mapanganib na Materyal

Maaaring may lead, asbestos, arsenic, polycyclic aromatic hydrocarbons (PAHs), dioxins o iba pang mapanganib na kemikal sa debris at abo. Maaaring kumalat sa hangin ang alikabok, lupa, at kusot kapag nagalaw, na magdudulot ng panganib ng pagkalahap at pagkakatad sa mga peligrong ito. Maaaring magdulot ng kanser, mga respiratory problem, at iba pang isyu sa kalusugan ang pagkakatad sa mga lasong ito.

Protektahan ang Iyong Sarili gamit ang Wastong PPE

Dapat gumamit ang mga nasa hustong gulang ng mga face mask, goggles, work gloves, full-body coveralls, medyas, at sapatos (kabilang ang disposable na shoe coverings) upang maiwasan ang pagkadikit sa abo. Hindi ka mapoprotektahan ng mga telang mask mula sa abo. Sa halip, inirerekomenda ng DOH ang pagsusuot ng masikip na respirator mask - hanapin ang mga salitang NIOSH o N95 na naka-print sa mask. Tandaan, hindi epektibo ang mask kung hindi ito nakalapat at nakasuot nang maayos.

Para lang sa isang beses na paggamit ang PPE habang pansamantalang bumibisita sa naapektuhang lugar. Pagtapos gamitin, dapat ilagay ang PPE sa isang trash bag at itapon kasama ng iba mong karaniwang basura. Lubos na inirerekomenda ang paghuhugas ng iyong mga kamay pagkatapos itapon ang nagamit nang PPE.

Tandaan, maaari kang makaranas ng mga mapanganib na kondisyon o malantad sa mga nakalalasang materyal. Magsuot ng protective gear at bawasan ang tagal ng iyong pagkakatad.

May mga tanong?

Call Center para sa Tulong sa Sakuna sa Maui ng Estado ng Hawai'i: 808-727-1550
Bukas araw-araw 6:00 am - 10:00 pm

MANGYARING SUNDIN ANG LAHAT NA TAGUBILIN MULA SA MGA LOKAL NA AWTORIDAD.

Gabay na Flyer sa Re-entry (Pangkalahatan)
Na-update noong Setyembre 21, 2023
Tagalog
Re-entry Guidance Flyer (General) - 09/21/2023

Pahina 1



Disclaimer:

Para lamang sa pagbibigay ng impormasyon at sa pangkalahatan ang mga rekomendasyon sa pahinang ito. Hindi nilalayong palitan ng mga nilalaman nito ang propesyonal na medikal na payo. Nilalayo ng Kagawaran ng Kalusugan ng Hawai'i na magbigay ng impormasyon upang matulungan ang pinakamalaking bilang ng mga tao batay sa mga kasalukuyang kalagayan ng kapaligiran; gayunpaman, para sa tagubiling partikular sa iyo at anumang dati nang medikal na kondisyon na posibleng mayroon ka, mangyaring makipag-ugnayan sa isang lisensyadong medikal na propesyonal. Responsibilidad mo ang sarili mo.

Gabay sa Re-Entry at Babala sa Panganib para sa mga Pansamantalang Pagbisita



PARA SA MGA RESIDENTE NG MAUI NA NAAPEKTUHAN NG MGA WILDFIRE

Mga Senyales ng Heat Stress

Pakibantayan ang mga sintomas ng sakit na may kinalaman sa init na maaaring kabilangan ng pananakit ng ulo, pagkahilo, pagsusuka, mabilis na tibok ng puso, labis na pagpapawis, o pamumulikat. Maaaring mas mataas ang panganib ng sakit na may kinalaman sa init kapag nakasuot ng PPE, kaya magpahinga nang madalas at uminom ng maraming tubig. Huwag kalimutang manatiling hydrated, magpahinga nang madalas at sumilong kung maaari. Kung makakaranas ka ng anumang sintomas ng sakit na may kinalaman sa init, pakihinto ang iyong pagbisita sa naapektuhang lugar at humingi ng medikal na tulong.

Magkaroon ng Kamalayan sa Mga Emosyonal na Epekto

Maaaring maging napakasakit ng muling pagpasok sa mga naapektuhang lugar kung saan may nawalang mga mahal sa buhay at mga tahanan, ari-arian at negosyo. Maaari kang makaramdam ng labis na kalungkutan, takot, galit, pagkabalisa, pagkagulat, at iba pang pakiramdam na nagdudulot ng pagkabahala. Maaaring maramdaman ang mga ito sa mismong sandali o pagkatapos. Kung napapangibabawan ka ng mga ganitong sintomas, mangyaring humingi ng tulong mula sa mga espesyalista sa kalusugan ng pag-uugali na nasa lugar o sa Kumprehensibong Health Center ng Lāhainā, na bukas 7 araw sa isang linggo mula 9 am hanggang 4 pm at maaaring tawagan sa 808-495-5113. Para sa after-hours na suporta sa kalusugan ng pag-iisip, pakitawagan ang Hawai'i CARES nang libre sa 1-800-753-6879 o tumawag/mag-text sa 988.

Paglilinis ng abo

Iwasang mapunta ang abo sa mga storm drain. Huwag gumamit ng mga vacuum o leaf blower na magpapalipad ng mas maraming abo sa hangin. Mangyaring HUWAG KUMAIN habang nasa naapektuhang lugar, pero huwag kalimutang magpahinga nang madalas at uminom ng maraming tubig. Gawin sa labas ng kotse ang pagpapahinga dahil baka makontamina mo ang loob ng iyong kotse. Pakilayo ang mga bote ng iyong tubig mula sa abo at alikabok upang maiwasang mainom ang mga iyon.

Huwag Alisin Ang Debris

Ikokoordina ng mga awtoridad ang pag-aalis ng mapanganib na materyal sa naapektuhang lugar.

Mag-ingat sa Mga Puno, Linya ng Kuryente, o Iba Pang Panganib

Maaaring ituring na mga panganib ang mga puno dahil sa sunog. Kahit na hindi pa naibabalik ang kuryente sa inyong komunidad, dapat iwasan ang mga naputol na linya ng kuryente. Maaaring gumuho at magdulot ng pinsala ang mga hindi matatag na gusali at istruktura. Maaaring makapinsala ang mga pako at ibang matalim na piraso na bakal - na posible pang tumagos sa sapatos. Kung matutukoy mo na mapanganib sa isang lugar, umalis at iulat ang panganib sa mga awtoridad.

Pagkatapos ng Iyong Pagbisita sa Naapektuhang Lugar

Kapag tapos na ang iyong pagbisita sa naapektuhang lugar, pakilagay ang lahat ng protective gear (mga mask, coverall, goggles, gwantes, booties) sa isang trash bag at itapon ito kasama ng karaniwan mong basura.

Inirerekomenda naming magpalit kaagad ng damit at sapatos pagkatapos ng iyong pagbisita sa naapektuhang lugar. Inirerekomenda rin ng DOH na labhan ang mga isinuot nang hiwalay sa regular mong labahin. Pinakamainam ding maligo at maghugas ng iyong buhok bago makisalamuha sa mga sensitibong grupo na katulad ng mga bata, buntis, taong may hika o COPD, at nakatatanda. Kung masama ang iyong pakiramdam o may mga bago kang sintomas sa kalusugan, mangyaring magpatingin sa doktor.

**Para sa mga serbisyong medikal at serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, makipag-ugnayan sa:
Kumprehensibong Health Center ng Lāhainā: 808-495-5113**

Bukas 7 araw sa isang linggo mula 9am - 4pm | health.hawaii.gov/mauiwildfires

MANGYARING SUNDIN ANG LAHAT NA TAGUBILIN MULA SA MGA LOKAL NA AWTORIDAD.

Gabay na Flyer sa Re-entry (Pangkalahatan)

Na-update noong Setyembre 21, 2023

Tagalog

Re-entry Guidance Flyer (General) - 09/21/2023

Pahina 2

